JOURNAL OF INTELLECTUAL PROPERTY AND HUMAN RIGHTS
Volume: 01 Issue: 02 | 2022
ISSN: 2720-6882
www.academiczone.net

# PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL KAUGNAY NG KOLABORATIBONG PANG-AKADEMIKO AT UGNAYANG SOSYAL

***Roger C. Villegas PhD; Vivian F. Abarro***
Baras-Pinugay Integrated High School-Senior High

## I. Panimula

Maituturing na ang pagtuturo ay hindi biro sapagkat nangangailangan ito ng karunungan at ng pagiging dalubhasa sa larangang itinuturo. Ang pagsasaalang-alang sa pamamaraan o estratehiyang kawili-wili na nagbibigay ng panibagong pananaw at mga kasanayang lilinang at magpapaunlad ng kaalaman at sariling kalinangan ng mga mag-aaral ang pangunahing dapat isaalang-alang ng mga guro.

Ang isa sa estratehiyang ginagamit ng guro sa pagtuturo ay ang pangkatang gawain na kung saan sa bawat pangkat ay may lima hanggang pito sa bawat kasapi ng grupo.Ang pagtuturo ay isang hamon, kaya nakaatang sa balikat ng guro ang mahusay sa pagganyak, pagbabalak at pagpapasiya sa pamamaraang gagamitin na angkop sa bungang pagkatuto ng asignaturang itinuturo. Ang isang mabuting pamamaraan ng pagtuturo'y humahamon sa mga mag-aaral upang sila ay makikiisa at tumulong sa mga gawain. Samakatuwid, kailangan ang kolaboratib/ kooperatib na mga pamamaraan sa pagtuturo upang maihanda ang mga mag-aaral para sa matalino at demokratikong paglahok sa lipunan na may kakayahang makipag-interaksiyon, makabuo ng kolaboratib na pasiya at makipagtulungan para sa kapakanan ng nakararami. Kinikilala na ngayon ang kahalagahan ng kooperasyon ng mga mag-aaral sa klasrum at ang bisa ng kooperatibong pagsasagawa ng mga gawain sa pagkatuto.

Ang mga sumusunod na kasulatan ay nagsisilbing batayang legal ng pag-aaral. Ayon sa Saligang Batas ng Pilipinas (1987), Seksiyon 1. Dapat pangalagaan at itaguyod ng Estado ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo ng lahat ng gayong edukasyon. Pinapatibay ng batas na ito ang karapatan ng bawat indibiduwal na makatuntong at makapagtapos ng pag-aaral sa mas mahusay na dekalidad ng edukasyon

Ayon sa DepEd Order No. 43, Seksyon ng Batasang Pambansa Blg. 232 na kilala sa tawag na "Education Act of 1982:.The State shall recognize the right of the students to receive competent instruction, relevant to quality education to his full development as a person with human dignity".

Ang mga sumusunod na kasulatan ay nagsisilbing batayang legal ng pag-aaral. Ayon sa Saligang Batas ng Pilipinas (1987), Seksiyon 1. Dapat pangalagaan at itaguyod ng Estado ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo ng lahat ng gayong edukasyon. Pinapatibay ng batas na ito ang karapatan ng bawat indibiduwal na makatuntong at makapagtapos ng pag-aaral sa mas mahusay na dekalidad ng edukasyon

Ayon sa DepEd Order No. 43, Seksyon ng Batasang Pambansa Blg. 232 na kilala sa tawag na "Education Act of 1982:.The State shall recognize the right of the students to receive competent instruction, relevant to quality education to his full development as a person with human dignity".

Ayon sa Seksiyon 22 ng "Education Act" ng Pilipinas, "The objectives of Secondary Education is to discover and enhance to different aptitudes and interest of the students so as to equip them with skills for productive endeavour and prepare them for tertiary schooling".

Ayon kay Anonuevo (2009), ang pakikilahok at pagkatuto ay madali kung maliit na bilang ng mga mag-aaral kung may maliit na bilang ng mga mag-aaral na nagiging dahilan ng pamamaos ng boses ng guro. Sa pagbubuo ng maliliit na grupo, tinangka nito na palakasin ang konsepto ng bayanihan at kusang palo (initiative) sa maliit na antas at ang bawat kasapi ay inaasahang mag-aambag sa anumang malikhaing paraan para sa kapakanan ng kaniyang grupo at sa paglago niya bilang indibiduwal. Ang pinagkunan ng mga tanong ay mula sa pag-aaral ni Jeson J. Galgo

Kaya nais malaman ng mga mananaliksik kung may pagkatuto ba ang mga Mag-aaral sa kolaboratibong pang akademiko at ugnayang sosyal sa pamamagitan ng pangkatang gawain mula sa kalalakihan at kababaihan.

## II. KAUGNAY NA PAG-AARAL AT LITERATURA

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga kaugnay na literatura at mga pag-aaral upang maging batayan ng mga mananaliksik sa isinagawang pag-aaral upang mabuo ang pananaliksik.

Nagsikap na makakalap ng iba't ibang babasahin, mga kaugnay na literatura at mga pag-aaral mula sa iba't ibang pamantasan sa kalakhang Maynila at maging sa internet na maaaring mapagkunan ng malawakang kaalaman upang magamit sa pananaliksik na ito.

Ang pangkatang gawain ay nagdudulot ng positibong epekto ng pagkatuto at paglinang ng mga mag-aaral bilang isang indibiduwal.

Ipinahayag ni Wieman (2010), sa kaniyang akda na pinamagatang "Student Group Work in Educational Settings" madali ang pang-unawa at pagkatuto kung ito'y pangkatan dahil na din sa tulong ng mga kasapi. Higit na mabilis na nahuhulog ang kanilang kasanayan. Hindi matindi ang "stress" sa pangkatan lalo na sa pagtatanghal sa pangkat ng lahat ng mag-aaral ay nasasangkot sa

gawain.

Mabisang istratehiya ang kolaboratibong pagkatuto lalo na sa asignaturang Filipino. Mayaman sa kontent ang Filipino na maaaring maging lunsaran upang mabuo ang magandang samahan at relasyon ng mga kasapi ng grupo. Sa Filipino, nagagamit ang wikang Filipino sa mga talakayan o pagpapalitang-kuro,pagmumungkahi, pagpapaliwanag at iba pa.

Ayon sa pag-aaral nina Tsay at Brady (2010) na " A case study of cooperative learning and communication pedagogy. Does working in teams make a difference?", ang mga mag-aaral na tunay na nakikilahok sa pangkatang gawain na nagpapakita ng asal sa pakikipagtulungan, pagbibigay ng kasapi o grupo.

Sa pamamagitan ng mga tiyak na gawain ang antas ng istratehiyang kolaboratibong pagkatuto ay kinabibilangan ng mga sumusunod: Committee, Brainstorming, Debate, Role playing, Critiquing Session, Round table, Majority-rule decision making, Consensus Decision Making, Agenda; Jigsaw, Numbered Heads Together, Partners, Talakayan ayon sa karanasan, Reaction sheets, at Paggawa ng larawan. Binigyang diin din ng pag-aaral na ito ang epekto ng kolaboratibong pagkatuto sa mga mag-aaral ayon sa kanilang akademikong pag-unlad at ugnayang sosyal. Pinag-aaralan din dito kung ang epekto ng kolaboratibong pagkatuto ay may antas ng pagkakaiba sa pagitan ng kalalakihan at mga kababaihan.

Ayon pa kina Lopez at Santos (2011), ang epektibong pagbabahagi ng kaalaman ay sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan upang maipaabot sa mag-aaral ang nilalaman ng paksang tinatalakay. Ito ay isang paraan ng paglalatag ng mga ideya at usapin na nagsisilbing gabay para sa malusog na talakayan. Bahagi rin nito ang panghihikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang pagsusuri at pagtingin sa isang usapin o paksang pinag-uusapan upang tumungo sa isang mas malalim na pagtingin at pag-unawa.

Batay kay Gerdy (1998) na binanggit sa pag-aaral ni Safhire (2011), na "Tradisyunal at Kooperatibong Pagtuturo sa Filipino sa Cebu City Don Carlos A. Gothong Memorial High School", ang pagkatuto ay mapapaunlad kung tulong-tulong ang bawat isa kaysa sa paggawa ng trabaho ng nag-iisa. Ang mabuting pagkatuto gaya ng mahuhusay na trabaho ay kolaboratib at sosyal at ito'y hindi kompetitib at pang-isahan. Ang pagbabahagi ng sariling ideya at magbigay reaksiyon sa ibang kaisipan ay mapapaunlad sa pag-iisip at sa malalim na pag-iisip.

## III. Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong mabigyang tuon ang kahalagahan ng kolaboratibong pagkatuto sa Filipino kaugnay sa Akademikong Pag-unlad at Ugnayang Sosyal ng mga Mag-aaral sa ikalabing-isang baitang ng Baras-Pinugay Integrated High School-Senior High sa Taong Panuruan

Volume: 01 Issue: 02 | 2022
ISSN: 2720-6882
www.academiczone.net

2019-2020.

Sa katiyakan, nilalayon ng mananaliksik na matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga mag-aaral sa ikalabin-isang baitang ayon sa:

1.1 Kasarian; at

1.2 Edad;

2. Ano ang epekto ng kolaboratibong pagkatuto sa mga kalalakihan at mga kababaihang mag-aaral sa Filipino ayon sa:

2.1 Akademikong Pag-unlad; at

2.2 Ugnayang Sosyal

3. Ano ang lebel ng mga tiyak na gawain ng kolaboratibong pagkatuto ayon sa pananaw ng mga respondente.

4. May makabuluhan bang pagkakaiba ang pananaw ng mga respondent ng mga tiyak na gawain ng kolaboratibong pagkatuto kung papangkatin sa kanilang propayl.

5. Nagkaroon ba ng makabuluhang antas ng pagkakaiba ang epekto ng kolaboratibong pagkatuto sa pagitan ng mga kalalakihan at mga kababaihang mag-aaral.

## IV. Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Saklaw lamang ng pag-aaral na ito ang nauukol sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral kaugnay ng kolaboratibong pang-akademiko at ugnayang sosyal ng Baras-Pinugay Integrated High School-Senior High Taong Panuruan 2019-2020 mula sa ikalabing-isang baitang pangkat Vela na mga kalalakihan at kababaihan.

## V. Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay may malaking maitutulong upang maging makabuluhan at makahulugan ang pagkatuto ng mga mag-aaral at pagtuturo ng mga guro sa pagsasakatuparan ng mga gawain sa loob ng klasrum. Sa katiyakan, ang pag-aaral na ito’y makatutulong sa mga sumusunod:

**Tagapamagitan**. Ang Filipino ay kinakailangang maituro sa mga mag-aaral nang sapat na kagalingan sapagkat ito’y ganap na kailangan sa pagpapalaganap ng kagalingan at kahusayan ng mga Pilipino, gayunman, ang kolaboratibong pagkatuto ang magsisilbing daan sa pagkamit ng tagumpay sa pagbibigay kaalaman nito sa mga mag-aaral. Samakatuwid, ang pag-aaral na itp’y magiging tulong upang mabigyan ng pinakaangkop na istratehiya sa pagpaunlad ng kaalaman ang mga mag-aaral.

Volume: 01 Issue: 02 | 2022
ISSN: 2720-6882
www.academiczone.net

**Guro**. Ang kalalabasan ng pag-aaral na ito'y makatutulong sa kanila upang mapalago ang kamalayan tungkol sa epekto ng mga pamamaraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral. Maaaring mapalawak ang kanilang imahinasyon at mapabuti pa ang pagtuturo nang sa gayon ay magkaroon ng interes ang mga estudiyante sa pagpapatuloy ng gawang interaktib sa loob ng klasrum.

**Mag-aaral**. Ang pag-aaral na ito'y makatutulong sa pagtaguyod ng kanilang kaalaman at akademikong performans, lalung-lalo na sa pagtugon ng kanilang mga mithiin. Ito ay makatutulong sa pag-angat ng kanilang retensyon at pagpapaunlad ng kaalaman nang may lubos na kasiyahan, kakayahang sosyal at pakikipagtalastasan.

**Magulang**. Mapapanatag ang kalooban na mabibigyan ng mabuting serbisyo ang mga kabataan sa pagkamit ng inaasam na kaalaman lalung-lalo na sa kakayahan at kaganapang sosyal at pagpapahalagang moral.

## VI. Metodolohiya

### a. Respondente

Ang mga respondente sa pag-aaral ay mga Mag-aaral ng Baras-Pinugay Integrated High School-Senior High. Ito ang mga sumusunod: Dalawampu't apat (24) mula sa kalalakihan at dalawampu't anim (26) mula sa kababaihan mula sa ikalabing-isang baitang pangkat Vela.

### b. Disenyo

Ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang deskriptibong korelasyunal at disenyong paghambing ng pananaliksik sapagkat nilalayon ng pag-aaral na ito na matuklasan ang antas ng pagkakaiba ng epektong hatid ng kolaboratibong pagkatuto sa pagitan ng mga kalalakihan at mga kababaihan gayundin ang pagkakaugnay ng kolaboratibong pagkatuto sa akademikong pag-unlad at ugnayang sosyal ng mga mag-aaral.

### c. Instrumento

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng sariling gawang talatanungan upang mabisang makuha ng mga mananaliksik ang mga kinakailangang datos sa pananaliksik. Ang instrumentong ito'y nababahagi sa dalawa. Ang unang bahagi ay natutungkol sa mga tiyak na gawain ng kolaboratibong pagkatuto na binubuo ng labinlimang (15) gawain. Ang mga gawaing kabilang dito ay yaong mga gawain lamang na naisakatuparan Taong panuruan 2019-2020 na masugid na tinukoy ng mga mananaliksik. Ang mga gawaing tinutukoy nito ang mga sumusunod: Committee, Brainstorming, Debate, Role playing, Critiquing Session, Round table, Majority-rule, Decision Making, Concensus Making, Agenda, Jigsaw, Numbered Heads Together, Partners,Talakayan ayon sa karanasan, Reaction sheets at Paggawa ng larawan.


PUBLISHED UNDER AN EXCLUSIVE LICENSE BY OPEN ACCESS JOURNALS

Volume: 01 Issue: 02 | 2022
ISSN: 2720-6882
www.academiczone.net

Ang ikalawang bahagi naman ay natutungkol sa epekto ng kolaboratibong pagkatuto sa mga mag-aaral na naaayon sa akademikong pag-unlad at ugnayang sosyal na may tigsasampung aytem.Makukuha mula sa mga tugon ng mga mag-aaral kung gaano katindi ang mga epektong nauukol sa akademikong pag-unlad at ugnayang sosyal sa kanilang sarili. Malalaman dito kung may antas ng pagkakaiba ang epekto ng kolaboratibong pagkatuto sa pagitan ng mga kalalakihan at mga kababaihang mag-aaral.

**d. Pamamaraan:**

Inihanda ng mananaliksik ang liham kahilingan sa Punungguro ng Paaralan ng Baras-Pinugay Integrated High School-Senior High sa paghingi ng permiso sa pagsasagawa nito. Personal na pangangasiwaan ng mga mananaliksik ang mga talatanungan sa tulong ng kanilang gurong kaagapay. Hinango ang mga nakalap na datos, mailagay sa talahanayan at gagamitan ng mga kasangkapang istadistika sa pagsusuri sa pagiging makabuluhan nito.

## VII. Presentasyon, Analisis at Interpretasyon ng mga Datos

### Profayl ng mga Magaaral sa Labing-isang Baitang Ayon sa Kasarian at Edad

**Talahanayan 1 Frequensi at Bahagdan ng Distribusyon ng mga Respondente batay sa Profayl ng kanilang Kasarian at Gulang**

| Profayl | Frequensi | Bahagdan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| **Kasarian** | | | |
| Lalake | 24 | 48 | 1 |
| Babae | 26 | 52 | 2 |
| **Bahagdan** | **50** | 100 | |
| **Edad** | | | |
| 19 | 3 | 6 | 1.5 |
| 18 | 3 | 6 | 1.5 |
| 17 | 10 | 20 | 4 |
| 16 | 30 | 60 | 5 |
| 15 | 4 | 8 | 3 |
| **Bahagdan** | 50 | 100 | |

Batay sa talahanayan 1 ang Frequensi ng lalake ay 24 na may bahagdan na 48 at ang Frequensi ng mga babae ay 26 na may bahagdan na 52. Ang edad na 19 at 18 ay may frequensi na tagtatatlo na may bahagdan na 6. Samantalang ang edad na 17 ay may 10 frequensi na may bahagdan na 20. At ang edad na 16 ay may frequensi na 30 na may bahagdan na 60. At ang edad na 15 ay may frequensi na 4 na may bahagdan na 8.


PUBLISHED UNDER AN EXCLUSIVE LICENSE BY OPEN ACCESS JOURNALS

Volume: 01 Issue: 02 | 2022
ISSN: 2720-6882
www.academiczone.net

**Antas ng mga Tiyak na Gawain ng Kolaboratibing Pagkatuto ayon sa Pananaw ng mga Respondante**

**Talahanayan 2. Mean ng Antas ng Gawain ng Kolaboratibong Pagkatuto ayon sa Pananaw ng mga Respondante**

| Aspeto | Mean | Verbal Interpetation |
|---|---|---|
| Kolaboratibong Pagkatuto | 3.7425 | Madalas |

Batay sa talahanayan 2 na Mean ng Antas ng Gawain ng Kolaboratibong Pagkatuto ayon sa pananaw ng mga Respondente ay 3.7425 na may Verbal Interpretation na Madalas.

Ipinahayag ni Wieman (2010), sa kaniyang akda na pinamagatang "Student Group Work in Educational Settings" madali ang pang-unawa at pagkatuto kung ito'y pangkatan dahil na din sa tulong ng mga kasapi. Higit na mabilis na nahuhulog ang kanilang kasanayan. Hindi matindi ang "stress" sa pangkatan lalo na sa pagtatanghal sa pangkat ng lahat ng mag-aaral ay nasasangkot sa gawain.

**Epekto ng Kolabloratibong Pagkatuto sa mga Respondante**

**Talahanayan 3. Mean ng Epekto ng kolaboratibong Pagkatuto ng mga Respondante ayon sa Aspeto ng Akademikong Pag-unlad at Ugnayang Sosyal**

| Aspeto | Mean | Verbal Interpretation |
|---|---|---|
| 1. Akademikong Pag-unlad | 3.8775 | Matinding Naipakita |
| 2. Ugnayang Sosyal | 3.88125 | Matinding Naipakita |
| Over-all Mean | 3.879375 | Matinding Naipakita |

Batay sa Talahanayan 3, Ang mean ng Epekto ng Kolaboratibong Pagkatuto ng mga Respondente ayon sa Aspeto ng Akademikong Pag-unlad ay may 3.8775 na may verbal interpretation na Matinding Naipakita at ang Ugnayang sosyal ay may 3.88125 na may verbal interpretation na Madalas na naipakita. Na may kabuuang 3.879375 na may verbal interpretation na Matinding naipakita.

Ayon pa kina Lopez at Santos (2011), ang epektibong pagbabahagi ng kaalaman ay sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan upang maipaabot sa mag-aaral ang nilalaman ng paksang tinatalakay. Ito ay isang paraan ng paglalatag ng mga ideya at usapin na nagsisilbing gabay para sa malusog na talakayan. Bahagi rin nito ang panghihikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang pagsusuri at pagtingin sa isang usapin o paksang pinag-uusapan upang tumungo sa isang mas malalim na pagtingin at pag-unawa.


PUBLISHED UNDER AN EXCLUSIVE LICENSE BY OPEN ACCESS JOURNALS

Volume: 01 Issue: 02 | 2022
ISSN: 2720-6882
www.academiczone.net

**Makabuluhang Pagkakaiba ang Pananaw ng mga Respondante ng mga Tiyak na Gawain ng Kolaboratibong Pagkatuto kung Papangkatin sa Kanilang Profayl**

**Talahanayan 4. Computed t and p-vlaues ng kung papangkatin ayon sa kanilang profayl**

| Aspeto | t-value | P-value | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|
| 1. **Kasarian** | -0.3000 | 0.7655 | Not Significant |
| 2. **Edad** | 0.7209 | 0.58225 | Not Significant |

Batay sa talahanayan 4, walang makabuluhang pagkakaiba ang Pananaw ng mga Respondente ng mga tiyak na gawain ng kolaboratibong Pagkatuto kung Papangkatin sa kanilang Profayl na sa kasarian ay may t-value –o.3000 at P-value 0.7655 at sa edad naman ay may t-value na 0.7209 at P-value na 0.58225.

Batay kay Gerdy (1998) na binanggit sa pag-aaral ni Safhire (2011), na "Tradisyunal at Kooperatibong Pagtuturo sa Filipino sa Cebu City Don Carlos A. Gothong Memorial High School", ang pagkatuto ay mapapaunlad kung tulong-tulong ang bawat isa kaysa sa paggawa ng trabaho ng nag-iisa. Ang mabuting pagkatuto gaya ng mahuhusay na trabaho ay kolaboratib at sosyal at ito'y hindi kompetitib at pang-isahan. Ang pagbabahagi ng sariling ideya at magbigay reaksiyon sa ibang kaisipan ay mapapaunlad sa pag-iisip at sa malalim na pag-iisip.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba ang Epekto ng Kolaboratibong Pagkatuto ayon sa Aspeto ng Akademikong Pag-unlad at Ugnayang Sosyal**

**Talahanayan 5. Computed t and p-values ayon sa Aspeto ng Akademikong Pag-unlad at Ugnayang Sosyal**

**Kasarian**

| Aspeto | t-value | P-value | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|
| 1. **Akdemikong Pagunlad** | -08594 | .197175 | Not Significant |
| 2. **Ugnayang Sosyal** | **-0.53037** | **0.598298** | **Not Significant** |

**Edad**

| Aspeto | t-value | P-value | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|
| 1. **Akademikong Pagunlad** | 0.29466 | 0.87987 | Not Significant |
| 2. **Ugnayang Solyal** | **0.42539** | **0.78946** | **Not significant** |

Batay sa talahanayan 5, Walang makabuluhang Antas ng Pagkakaiba at ang Epekto ng kolaboratibong Pagkatuto ayon sa aspeto ng Akademikong Pag-unlad at Ugnayang sosyal sa kanilang kasarian na may t-value na -08594 at P-value na .197175 at Walang makabuluhang Antas


PUBLISHED UNDER AN EXCLUSIVE LICENSE BY OPEN ACCESS JOURNALS

JOURNAL OF INTELLECTUAL PROPERTY AND HUMAN RIGHTS
Volume: 01 Issue: 02 | 2022
ISSN: 2720-6882
www.academiczone.net

---

ng Pagkakaiba at ang Epekto ng kolaboratibong Pagkatuto ayon sa Aspeto ng Akademikong Pag-unlad at Ugnayang Sosyal sa kanilang edad na may t-value na 0.42539 at P-value na 0.78946.

**VIII. Buod ng kinalabasan, Kongklusyon at Rekomendasyon.**

**Buod ng kinalabasan at Kongklusyon**

Batay sa talahanayan 1 ang Frequensi ng lalake ay 24 na may bahagdan na 48 at ang Frequensi ng mga babae ay 26 na may bahagdan na 52. Ang edad na 19 at 18 ay may frequensi na tagtatatlo na may bahagdan na 6. Samantalang ang edad na 17 ay may 10 frequensi na may bahagdan na 20. At ang edad na 16 ay may frequensi na 30 na may bahagdan na 60. At ang edad na 15 ay may frequensi na 4 na may bahagdan na 8.Batay sa talahanayan 2 na Mean ng Antas ng Gawain ng Kolaboratibong Pagkatuto ayon sa pananaw ng mga Respondente ay 3.7425 na may Verbal Interpretation na Madalas.

Batay sa Talahanayan 3, Ang mean ng Epekto ng Kolaboratibong Pagkatuto ng mga Respondente ayon sa Aspeto ng Akademikong Pag-unlad ay may 3.8775 na may verbal interpretation na Matinding Naipakita at ang Ugnayang sosyal ay may 3.88125 na may verbal interpretation na Madalas na naipakita. Na may kabuuang 3.879375 na may verbal interpretation na Matinding naipakita.

Batay sa talahanayan 4, Walang makabuluhang pagkakaiba ang Pananaw ng mga Respondente ng mga tiyak na gawain ng kolaboratibong Pagkatuto kung Papangkatin sa kanilang Profayl na sa kasarian ay may t-value –o.3000 at P-value 0.7655 at sa edad naman ay may t-value na 0.7209 at P-value na 0.58225.

Batay sa talahanayan 5, Walang makabuluhang Antas ng Pagkakaiba at ang Epekto ng kolaboratibong Pagkatuto ayon sa aspeto ng Akademikong Pag-unlad at Ugnayang sosyal sa kanilang kasarian na may t-value na -08594 at P-value na .197175 at Walang makabuluhang Antas ng Pagkakaiba at ang Epekto ng kolaboratibong Pagkatuto ayon sa Aspeto ng Akademikong Pag-unlad at Ugnayang Sosyal sa kanilang edad na may t-value na 0.42539 at P-value na 0.78946.

**Rekomendasyon**

1. Gawing paraan ng guro na maidugtong ang diwa ng asignaturang Filipino sa mga mag-aaral, kalakip na ang mga hakbang ng prosesong mental ng mga mag-aaral sa pagdadalubhasa ng paksang ibibigay sa kanila at sa pagsasagawang ganap sa kabuuan at tiyak na layunin ng kurso.
2. Marapat na bawat kasapi ng pangkat ay binibigyan ng magkakaibang gawain sa pagkatuto at pagkatapos ay hinahayaan itong ibahagi at ituro sa iba.
3. Gawin itong sanggunian ng mga susunod na mananaliksik.



PUBLISHED UNDER AN EXCLUSIVE LICENSE BY OPEN ACCESS JOURNALS

**Volume: 01 Issue: 02 | 2022**
ISSN: 2720-6882
www.academiczone.net

## IX. Sanggunian

Anonuevo, R (2009). Pangkatang Gawain bilang Alternatibong Edukasyon. Kinuha sa http://alimbukad.com/2016/01/04

Bernales, R.A. (2009). Pagbasa, Pagsulat at Pananaliksik.Manila Philippine Book Company.

Tsay,M & Brady M. (2010). A case study of Cooperative learning and Communication pedagogy: Does working in teams make a difference?Journal of the Scholarship of Teaching and Learning. Vol 10.2

Wieman,(2010). Student Group Work in Educational Setting. Kinuha sa http://www.cwsei.ubc.cal/2016/03/31

| | |
|---|---|
| **Mga Mananaliksik** | ROGER C. VILLEGAS, Ph.D |
| | VIVIAN F. ABARRO |


PUBLISHED UNDER AN EXCLUSIVE LICENSE BY OPEN ACCESS JOURNALS